Mga Dapat Malaman

Agosto 2008

# Epektibong Pagpigil sa Pangtahanang Peste

*Impormasyon para sa Mga May Edad at sa mga Tagapag-alaga nila*

*Ang responsableng paggamit ng pestisidyo ay isang mahalagang usapin sa anumang panahon.*

*Maaaring mas mas madaling mapinsala ang mga may edad sa pagkahantad sa mga pestisidyo sanhi ng mga pagbabago sa kanilang katawan dala ng edad.*

*Ang isang maayos na sistema sa pagkontrol ng peste ay makakatulong sa pag-iwas sa di kailangang paggamit ng pestisidyo.*

Alam ba ninyo na walo sa sampung tahanan sa Estados Unidos ang gumagamit ng mga pestisidyo sa loob at labas ng kanilang bahay?[1] Halimbawa ng mga karaniwang ginagamit ay pambomba at pain sa ipis, mga produktong pag-kontrol sa anay, lason sa daga, pambomba at pulbos laban sa pulgas at kuto, pampatay ng damo, pambomba sa gamugamo, at mga pang-disinpekto ng kusina at banyo.

## Mga Panganib sa Kapaligiran Dulot ng Mga Pestisidyo

Ang lubhang pagkabilad sa pestisidyo, karaniwa'y dahil sa maling paggamit ng produkto, ay maaaring magdulot ng matinding epekto gaya ng sakit ng ulo, pagkahilo, pagkiwang ng kalamnan, panghihina, at pagkalilo. Ang pangmatagalan at/o dili kaya'y lubhang pagkabilad sa ilang pestisidyo ay napatunayang may kaugnay sa kanser, epekto sa panganganak, at epekto sa sistemang sentido sentral.

## Pag-iwas sa Pagkabilad

May mahalagang bahagi ang mga lolo at lola upang panatilihing ligtas ang mga kabataan sa panganib ng mga pestisidyo sa pamamagitan ng paglayo ng mga ito sa pag-abot ng mga bata.

Ayon sa mga pag-aaral sa mga emergency room, ang mga kabataang mababa sa anim na taong gulang ay kadalasang nalalason habang dinadalaw and mga bahay ng mga ninuno kung saan ay naaabot nila ang mga lason at kung saan ay walang mga sarahang nangangalaga sa kabataan gaya ng nasa sarili nilang tahanan. Dagdag pa, samantalang ang nakatatanda ay may bilang lamang ng 2.8% ng mga insidenteng pagkalason, ang mga kabataan ay bumibilang ng 5.9% ng lahat ng mga kaso ng mula sa katamtaman hanggang sa malubhang mga kaso at 28% ng mga nasawi.[2]

***Kung ikaw o sino mang miembro ng iyong pamilya ay magpapakita ng sintomas ng pagkalason, tawagan ang National Poison Control Center sa 1-800-222-1222***

**Footnotes:**

[1] U.S. EPA, National Household Pesticide Usage Study, 1992, Office of Pesticide Programs

[2] National Poison Control Center Data, 1993-1998

## Ang Inyong Magagawa Upang Pigilin at Bawasan ang Pagkabilad sa Panganib ng Mga Pestisidyo

Mga tip sa paggamit ng pestisidyo sa tahanan:

- Basahin ang etiketa. Ang etiketa ang pinakamagaling na giya sa ligtas at mabisang paggamit ng pestisidyo. Kung may problema sa inyong paningin, huwag maatubiling humingi ng tulong.
- Itago ang mga pestisidyo sa orihinal na lalagyan. Huwag gamitin sa ibang bagay ang mga lalagyang wala ng laman.
- Gamitin ang programang pangkomunidad sa pagtatapon ng basura sa inyong kapaligiran. Sumangguni sa inyong lokal na tagapamahala ng basura, ahensiyang namahala sa kapaligiran, o ang departamento ng kalusugan upang alamin kung ang inyong komunidad ay may programa ukol sa pagtatapon ng mga mapanganib na basura. Kung wala, sundin ang pagtatapon na nakalahad sa etiketa.
- Huwag gamitin ang panlabas na pestisidyo sa loob ng gusali.
- Ilayo ang mga tao o alagang hayop sa lugar kung saan nagbobomba o naglalagay ng pestisidyo. Basahin ang etiketa upang malaman kung kailan ligtas sa tao o alagang hayop na pumasok muli sa lugar.
- Huwag magbomba sa lugar na pinaglulutuan o pinagtataguan ng pagkain, at huwag lapatan ang kabuuan ng sahig, mga dingding at bubungan.
- Gamitin lamang ang pestisidyo sa mga apektadong lugar at gumamit lamang ng sapat ayon sa etiketa ng produkto.
- Huwag gumamit ng pestisidyo sa labas kung mahangin ang panahon.

### Gamitin lamang ang pestisidyo sa mga apektadong lugar at gumamit lamang ng sapat ayon sa etiketa ng produkto.

Huwag gumamit ng pestisidyo sa labas kung mahangin ang panahon. Bago magbomba isara ang mga pinto at mga bintana ng inyong tahanan.

Hugasan ang anumang bahagi ng inyong katawan o damit na maaring kinapitan ng kemikal, matapos gamitin ang pestisidyo.

### Gamitin ang Integrated Pest Management (IPM) –Iwasan ang Di Kailangang Paggamit ng Pestisidyo

Intinatagubilin ng US EPA ang paggamit ng isang mabisang sistema sa pangangasiwa sa peste, karaniwa'y tinatawag na "integrated pest management (IPM)" para sa pagpigil ng peste sa mga tahanan o mga gusaling residensyal. Ang IPM ay isang sistema sa pangangasiwa ng peste na kombinasyon ng pamamaraan sa pagkontrol na di gumagamit ng kemikal at paggamit ng di gaanong matapang na pestisidyo upang mabawahan ang panganib sa kalusugan ng tao at ng kapaligiran.

Halimbawa, maaaring gumamit ng patibong, pain at padulas imbes na pambomba sa pagpigil ng peste. Binabawasan ng IPM ang panganib sa kalusugan ng mga populasyong mahihina gaya ng mga nakatatanda.

### Dagdagan ang Kaalaman Ukol sa Inisyatiba ng EPA Para sa Nakatatanda

Ang Inisyatiba ng EPA Para sa Nakatatanda, na naglalayong proteksyunan ang mga matatanda laban sa mga panganib ng kapaligiran sa pamamagitan ng pananaliksik, estratehika ng pag-iwas at edukasyong pampubliko. Bisitahin ang www.epa.gov/aging.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pestisidyo, tumawag sa 703-305-5017 o bisitahin angaming web site sa www.epa.gov/pesticides

AGING Initiative




Tagalog translation of: *Effective Control of Household Pests*

Publication Number: EPA 100-F-08-057